# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 63*
## *Ang Sulat ni Jesus sa simbahan sa Filadelfia Yugto 2*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito upang saysayin ang tungkol sa matagumpay na simbahan sa Filadelphia, ***''8 Nalalaman ko ang iyong mga gawa (narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman), na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan.'' (Pahayag 3 :8 KJV)*** Ang matagumpay na simbahang ito ay iningatan ang Salita ng Jesus at hindi nakipagkompromiso at hindi sumuko sa pag-uusig, sa mga banta at sa mga panggigipit ng sinagoga ni Satanas. *Ganun din ang kailangan nating gawin at hindi tayo susuko sa panggigipit ng mga nagpipilit sa atin na sumuko sa kanilang mga kagustuhan at sa kanilang masasama at masasamang pagnanasa.*

***Nalalaman ko ang iyong mga gawa (narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas,*** mababasa natin din ang tungkol ang epektibong pintuan na binuksan ng Dios sa Kanyang simbahan sa pagsulat ni Apostol Pablo sa ***2 Corinto 2 :12, ''Nang ako'y dumating nga sa Troas dahil sa evangelio ni Cristo, at nang mabuksan sa akin ang isang pinto sa Panginoon,'' (2 Corinto 2 :12 KJV)*** Dito si Apostol Pablo nang siya ay dumating sa Troas nakita niya ang isang pagkakataon upang ipangaral ang Salita ng Dios. Ito ang kailangan nating hilingin sa Dios na buksan sa atin ang isang pintuan upang ipangaral ang Kanyang Salita. Aking dalangin na bubuksan ng Dios ang isang pintuan sa akin upang abutin ang bagong mga tao. Manalangin, *'Panginoon tulungan mo akong abutin ang bagong mga tao at buksan ang aking bibig sa pangangaral ng iyong Salita sa pangalan ni Jesus, Amen.* Ang Panginoon ay tutugon at sasagutin ang ating mga panalangin at tutulungan Niya tayo sa ating buhay. Sinabi ni Pablo ***"at nang mabuksan sa akin ang isang pinto sa Panginoon,''*** *Kaya kailangan nating maging maingat na ang binuksang pinto ay mula sa Panginoon at hindi mula sa ibang mapagkukunan gaya ng ating babasahin mamaya.* Ating basahin ngayon sa Banal na Kasulatan ang tungkol sa pintuang binuksan ng Panginoon para kay Pablo sa Troas.

Ang pintuan na binuksan ng Dios para kay Pablo sa Troas ay upang abutin ang Macedonia, mababasa natin sa ***Mga Gawa 16: "6 At nang kanilang matahak ang lupain ng Frigia at Galacia, ay pinagbawalan sila ng Espiritu Santo na saysayin ang salita sa Asia; 7 At nang sila'y magsidating sa tapat ng Misia, ay pinagsikapan nilang magsipasok sa Bitinia; at hindi sila tinulutan ng Espiritu ni Jesus; 8 At pagkaraan nila sa Misia, ay nagsilusong sila sa Troas. 9 At napakita ang isang pangitain sa gabi kay Pablo: May isang lalaking taga Macedonia na nakatayo, na namamanhik sa kaniya, at sinasabi, Tumawid ka sa Macedonia, at tulungan mo kam. 10 At pagkakita niya sa pangitain, pagdaka'y pinagsikapan naming magsiparoon sa Macedonia, na pinatutunayang kami'y tinawag ng Dios upang sa kanila'y ipangaral ang evangelio. 11 Pagtulak nga sa Troas, ay pinunta namin ang Samotracia, at nang kinabukasa'y ang Neapolis; 12 At mula doo'y ang Filipos, na isang bayan ng Macedonia, na siyang una sa purok, lupang nasasakupan ng Roma: at nangatira kaming ilang araw sa bayang yaon." (Mga Gawa 16:6-12 KJV)*** Sila'y pinagbawalan ng Banal na Espirtu na ipangaral ang evangelio sa mababang Asya (na Turkey ngayon), at gusto nilang pumunta sa Bithania ngunit ang Banal na Espiritu ay hindi sila pinahintulutan. Batid ng Dios kung saan sila kinakailangan at kung kanino kaluluwa na handang tanggapin ang mensahe ng kaligtasan. Ang mga pagsalungat ng Banal na Espiritu ay ituwid sila sa tamang lugar. *Kaya ilagay din sa iyong isip na ang pagsalungat ay maaring pag-iba ng diresyon mula sa Dios. Tayo din sa parehong paraan habang ating hinahangad na ipangarala ng Evangelio at abutin ang bagong mga tao, pararangalan iyon ng Dios, ngunit kailangan pa rin nating makinig sa pangunguna ng Banal na Espiritu kung saan kailangang nating pumunta at kumilos. Dahil kung kikilos lamang tayo dahil sa ating paghahangad upang abutin ang bagong mga tao nang walang pangunguna ng Banal na Espiritu, maaring tayo'y humatong sa maling mga tao na hindi tayo kailangan tayo, o magpapahirap sa atin, magmalabis sa atin, o maaring ito'y hindi maging mabunga sa ating misyon sa kanila.* Ang pagtawag kay Pablo sa Macedonia ay ang pagtawag upang dalhin ang kaligtasan ng Dios sa mga taong handang tanggapin si Cristo. Si Pablo ay kasama si Sila at Timoteo, Kaya't nang binuksan ng Panginoon ang pintuang iyon sa kanila sa Troas minadali nilang pumunta mula doon at dumating sa Filipos ang pangunahing bayan sa Macedonia. Ang bunga ng misyong iyon ay ang pagtatanim ng simbahan sa Filipos, Tesalonica at Beria. Ang pagtatanim ng simbahan sa Felipos ay mababasa natin ang tungkol sa ***Mga Gawa 16,*** at ang pagtatanim as mga simbahan sa Tesalonica at Bera mababasa natin ang tungkol sa kanila as ***Mga Gawa 17.***

*Kailangan nating magpakahirap sa pananalangin at pagdinig sa tinig ng Dios, pagsusumamo sa Kanya para sa dakila at epektibong pintuan na bubuksan Niya para sa atin upang mag-evangelio. Kailangan nating makatiyak na pangungunahan tayo ng Banal na Espiritu at nang hindi ng ating sariling pagnanais.*

Mababasa rin natin ang tungkol sa dakila at epektibong pintuan sa ***Colosas 4:2-3, "2 Manatili kayong palagi sa pananalangin, na kayo'y mangagpuyat na may pagpapasalamat; 3 Na tuloy idalangin din ninyo kami, na buksan sa amin ng Dios ang pinto sa salita, upang aming salitain ang hiwaga ni Cristo, na dahil din dito'y may mga tanikala ako;" (Colosas 4:2-3 KJV)*** Si Pablo ay dinakip at hiniling niya mula sa simbahan na ipanalangin siya hindi lamang upang makalaya mula sa bilangguan, kundi upang buksan ng Panginoon ang

pinto na siya makapagsalita at maipangaral ang tungkol sa hiwaga ni Cristo. ***"Ang pinto sa salita, upang aming salitain ang hiwaga ni Cristo,"*** *ay hindi lamang tungkol sa pag eebanghelyo kundi upang bigyan ng maayos na turo na ang katawan ni cristo at maraming simbahan ngayon ay nangangailangan. Ipanalangin mo ngayon ang iyong sarili, habang nasa iyo ang Salita ng Diyos at nasa iyo ang turo, ipagdasal mo na akayin ka ng Diyos sa mga tao, sa mga simbahan, sa mga kongregasyon na nangangailangan ng Kanyang Salita.* Ipanalangin mo rin ako na buksan na Dios sa akin upang ipahayag at salitain ang tungkol sa hiwaga ni Cristo at ang aral na ipinahay Niya sa atin. Ang ating pangunahin ay ipangaral ang Salita ng Dios at abutin ang bagong mga tao at turuan sila, ay nagpapakita kung iniibig natin ang Panginoon o hindi. Ang mga problema ay darating at ang mga pangigipit ay darating at ang sinagoga ni Satanas ay nariyan, ngunit ang Panginoon ay sumasa atin at itataas tayo kung nais nating magpatuloy na sumunod sa Kanya at gawin ang Kanyang gawain.

***"9 Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig." (Pahayag 3:9 KJV)*** Ang Simbahan sa Filadelphia ay napapalibutan ng sinagoga ni Satanás, na mga Judio at Cristiano; sa pangalan sila'y bayan ng Dios, ngunit sila'y mga sinungaling. Sila'y hindi nabubuhay ayon sa katotohanan. Hindi nila isinasagawa ang Salita ng Dios sa kanilang buhay. ** Tayo sa parehong paraan, maaaring tayo'y tinututulan at ginigipit tayo ng mga taong tinatawag na Cristiano ngunit sila'y mga sinungaling, nanggugulo, at gumagawa ng masama, ngunit hinaharap natin ang lahat ng iyon nang may pagibig at patuloy na handang ipangaral ang Kanyang Salita. * Ipinapahayag natin iyan sa pamamagitan ng ating pagibig sa mga kapatid, pagibig natin sa Panginoon at pagibig nating maabot ang mga bagong taong malayo sa Panginoon sa pamamagitan ng evangelio ni Jesucristo, at dalhin ang Salita ng Dios at ng Kanyang hiwaga at ng Kanyang turo sa mga nangangailangan ng Kanyang Salita.*

Ang pagkakaiba sa pagitan ng simbahang ito ng Filadelphia at ang simbahan ng Epeso ay ang sumusunod: Ang simbahan ng Epeso ay gumawa ng dakilang gawain sa ministerio at sa pag-eevangelio, ngunit nang sila'y naharap sa mga sinungaling at sa gumagawa ng masasama at sa mga nagdulot ng pagkakahati-hati sa simbahan sila pinanghinaan ng loob. * *Hindi gusto ng Dios na harapin mo at natin ang mga kaguluhan at suliraniinn ng may panlulupaypay. Hindi gusto ng Dios na sumuko ka. Hindi gusto ng Dios na sabihin mo sa kanya na pagod kana at gusto ko nang tumigil. Mga kapatid, huwag ganon, ngunit gusto ng Dios na manalangin ka kapag ikaw ay nahaharap sa mga kaguluhan sa ganoong paraan, 'Panginoon salamat sa lahat ng mga nangyayari, ngunit ngayon Panginoon buksan mo sa akin ang isang dakila at epektibong pintuan, isang pinto ng pagsaslaita, upang ipangaral ang iyong Salita para sa mga taong kailangan ka.' * Tiyak na may mga tao na nangangailangan sayo upang abutin sila ng Salita ng Dios. Sa parehong dako na ikaw ay naroroon, mayroong mga tao na nangangailangan ng Salita ng Dios, at nangangailangan ng direksyon, na nangangailangan ng paghihikayat, na nangangailangan ng pagsaway upang baguhin ang kanilang mga daan.*

Mayroong mga taong nangangailangan na upuan mo sila, Madalas tinitingnan natin ang sinagoga ni Satanas, Tinitingnan natin ang mga sumasalungat sa atin, tinitingnan natin ang mga pagtatalo at pag-aalitan, ngunit mayroong maraming tao sa parehong lugar na kailangan ka nila. Kaya't ituwid ang iyong kalakasan at ang iyong pagibig sa mga tao, at ang Panginooon ay sasa iyo. Kung tayo'y magpapatuloy sa parehong pag-uugali at pag-iisip, gagawin ng Panginoon na ang ating mga kaaway ay magapi at mabawasan. Sinasabi ng Panginoon sa simbahan at tinitiyak sa kanila ***"narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman), na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang aking pangalan."*** Ang simbahang ito ay may kakaunting kapangyarihan. *Para sa atin upang maglingkod sa Panginoon hindi natin kailangan ang malaking kapangyarihan. Tunay na may mababang mapagkukunan, mababang materyal at mapagkukunan ng katawan, ngunit kapag ginawa natin iyon ang kailangan natin gawin mula sa ating panig, ay manalangin tayo, mag-ayuno tayo, manangis tayo sa Dios ibigay ang kung anong nararapat sa Dios mula sa pag-iikapu, paghahandog, unang bunga, at limos sa mga dukha, at hilingin sa Dios na tulungan tayo at protektahan tayo, ang mga bagay na ito ay nagpapakita na ang ating pagtitiwala ay sa Dios. Kapag ginawa natin ang gayong maliliit na bagay ito'y nagpapakita na ang iyong pagtitiwala ay sa Dios. Ngunit ang mga bagay na sa labas ng iyong kapangyarihan at ng iyong kontrol hindi ka pananagutan ng Panginoon sa kanila. Gawin mo ang maliit na bahagi at ang Dios ang gagawa ng nalalabi*. Halimbawa maari kang mag-ayuno, manalangin, tumulong sa mahirap na tao, bisitahin ang isang pamilya, bisitahin ang isang tao, bigyan mo ng isang payo, at hikayatin ang isang tao na dumadaan sa suliranin, bigyang ng pag-aaral ng Bibliya; sa lahat ng gayong ginagawa mong maliliit na bagay kasama ng iyong kakaunting kapangyarihan, ngunit ginagawa mo iyon sa pamamagitan ng dakila at epektibong pintuan, ang pintuan ng pagsasalita na binuksan ng Dios sa iyo. Sa ***Zecharias 4:6 "Nang magkagayo'y siya'y sumagot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Ito ang salita ng Panginoon kay Zorobabel, na sinasabi, Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Zecharias 4:6 KJV)*** Kailangan natin ang Banal na Espiritu upang kumilos sa ating ngalan. Kung ang Banal na Espiritu ay hindi kikilos para sa atin o buksan ang pintuan para sa atin sa gayon wala tayong magagawa at wala tayong pagsulong. Kaya't ang maliliit na bagay na pinangunahan tayong gawin ay gawa ng Banal na Espiritu at malaking ibubunga sa atin. Ang pagpapagaling, paggawa ng himala, at pagbukas ng puso ng mga tao upang manampalataya, ang lahat ng ito ay pagpapala ng Banal na Espiritu sa pagmiministerio sa atin. Ang pagpuspus

sa atin ng Banal na Espiritu ay ang gawa ng Dios sa buhay ng simbahan. Mayroon tayong kakaunting kapangyarihan at kakaunting mapagkukunan. Batid ng Panginoon ang lahat ng mga bagay na ito. Ngunit puspos tayo ng pagibig at tayo'y patuloy na magtitiis sa pagbibigay ng Salita ng Dios at makita ang dakilang epektibong pintuan na binuksan ng Dios sa atin, ang pintuan ng epektibong pag-eevangelio upang ipahayag ang Hiwaga ng evangelio ni Jesus, upang ipahayag ang pagkamatay ni Jesus sa krus para sa ating mga kasalanan, at ang mga kasalanan ng buong sanglibutan upang ibigay sa lahat ang walang hanggang buhay na nanampalataya sa Kanya. Itataas tayo ng Panginoon, tutulungan tayo, mabuhay sa isang matagumpay na simbahan, upang patuloy nating ibigin ang Panginoon upang ibigin ang Kanyang gawain at ibigin ang mga kapatiran, at patuloy na labanan ang mabubuting pakikibaka hanggang Siya ay pumarito upang kunin tayo kasama Niya sa Langit.

Hinikayat ni Jesus ang mga kapatid sa simbahan ng Filadelpia, ***"Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig." (Pahayag 3:9 KJV)*** Ang pag-uusig laban sa simbahang ito nang ang sulat ni Juan ay ipinadala sa kanila, ang pag-uusig mula sa mga Judio. Ang mga Judio o ang bulaang mga Cristiano sinasabi na sila'y nanampalataya sa Panginoon, ngunit sila'y sinungaling, Sila'y hindi nabubuhay sa katotohanan at sa Salita na tinanggap nila mula kay Jesus. Ipinangako ng Panginoon, ***"sila'y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig."*** Ipinangako ng Panginoon na gagawa Siya ng mga himala, upang ang mga sumasalungat sa iyo, ang araw ay darating at sila'y luluhod sa iyong paanan, sumusuko at kikilalanin na si Jesus ay iniibig ka gaya ng ipinangako ng Dios sa ***Isaias 49:22-23, "22 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Narito, aking ikakaway ang aking kamay sa mga bansa, at itatayo ko ang aking watawat sa mga bayan; at sila'y kakalong ng iyong mga anak na lalake sa kanilang sinapupunan, at ang iyong mga anak na babae ay papasanin ng kanilang mga balikat. 23 At mga hari ang magiging iyong mga taga kandiling ama, at ang kanilang mga reina, ay iyong mga taga kandiling ina: sila'y magsisiyukod sa iyo ng kanilang mga mukha sa lupa, at hihimuran ang alabok ng inyong mga paa: at iyong makikilala, na ako ang Panginoon, at ang nangaghihintay sa akin ay hindi mangapapahiya." (Isaias 49:22-23 KJV)*** (Ibabalik ng iyong mga kaaway ang iyong mga alagad. Ito ang bagong pamantayan na gagawin ng Dios para sa atin bilang Kanyang simbahan). ***23 At mga hari ang magiging iyong mga taga kandiling ama, at ang kanilang mga reina, ay iyong mga taga kandiling ina:*** (Ang mga hari at ang mga reina ng mga hentil sila ang magiging tagapangalaga para sa ating mga alagad at sila mismo ang aalalay sa ministerio ng Dios), ***sila'y magsisiyukod sa iyo ng kanilang mga mukha sa lupa*** (Oo ipapahayag nila ang kanilang mga kasalanan at ang kanilang mga pagkakamali at maling ginawa laban sa simbahan ng Dios at sila'y magpapakumbaba sa harap mo at kikilalanin na ang Dios ay sumasa iyo. Sila'y lalapit at sasabihin, malinaw na naming ipapahayag na ang Dios ay sumasa iyo), ***at hihimuran ang alabok ng inyong mga paa: at iyong makikilala, na ako ang Panginoon, at ang nangaghihintay sa akin ay hindi mangapapahiya." (Isaias 49:23 KJV)*** Tayo na naghihintay sa Panginoon at nagtitiwala sa Kanya hindi tayo mapapahiya. Upang himurin ang alabok ay para kay Satanas na ating kaaway, ang sinumpang ahas, na kakainin ang alabok sa lahat ng kaarawan ng kanyang buhay gaya ng mababasa natin sa aklat ng Genesis, ***"At sinabi ng Panginoong Dios sa ahas, Sapagka't ginawa mo ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, at ng higit sa bawa't ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay:" (Genesis 3:14 KJV)*** Ito ay isang nakapagpatibay na Salita sa atin. *Nais ng Panginoon na palakasin ang iyong loob, na ang mga naghihintay sa Panginoon, ay hindi sila mapapahiya. Magagapi si Satanas at ang mga ginamit ni Satanas ay mapapahiya.*

*Patuloy na gumawa sa iyong tahanan, sa iyong pamilya, sa iyong kapwa, at sa lahat ng mga taong na inaabot mo, dahil iyon ang dakila at epektibong pintuan para sa pag-eevangelio na binuksan ng Dios sa iyo ngayon.* Babasahin din natin ang panghihikayat ng Panginoon mula sa ***Isaias 60:14*** gaya ng hinikayat ng Panginoon ang simbahan ng Filadelpia sa pamamagitan ng sulat ni Juan na magpatuloy sa paglilingkod at sa ministerio ng Panginoon. Ang Panginoon ngayon ay pinatatag tayo mula sa Banal na pahayag sa Lumang Tipan upang magpatuloy sa paglilingkod, ***"14 At ang mga anak nila na dumalamhati sa iyo ay magsisiparoong yuyuko sa iyo; at silang lahat na nagsisihamak sa iyo ay magpapatirapa sa mga talampakan ng iyong mga paa;*** (Ang lahat ng nagdulot sa iyo ng mga kadalhatian ay magpapasailalim sa iyo, at sa lahat ng lumait sa iyo, ang kanilang mga anak na lalaki at babae, ay lalapit sa iyo at yuyukod sa iyong paanan bilang nakikita nila na ang Dios ay sumasa iyo.) ***at tatanawin ka nila Ang bayan ng Panginoon, Ang Sion ng Banal ng Israel.*** (Tatawagin nila tayong Pinagpalang Simbahan ng Dios). ***15 Yamang ikaw ay napabayaan at ipinagtanim, na anopa't walang tao na dumadaan sa iyo, gagawin kitang walang hanggang karilagan, na kagalakan ng maraming sali't saling lahi.*** (Ikaw ay hinamak at pinabayaan, ngunit gagawin kang kabantugan at kaluwahatian ng Panginoon. Bilang ikaw ay hindi itinuring ng mabuti at pinabayaan, gagawin ka ng Panginoon na karilagan at kalugod-lugod na kapisanan). ***16 Ikaw naman ay iinom ng gatas ng mga bansa, at sususo sa mga suso ng mga hari; at iyong malalaman na akong Panginoon ay Tagapagligtas sa iyo, at Manunubos sa iyo, Makapangyarihan ng Jacob.*** (Oo ang Pangioon ay makapangyarihan at tagapagligtas, ang Panginoon ang kublian at ating tulong, ang ating kanlungan at ating kapayapaan, at hahayaan Niyang tanggapin natin ang mga pagpapala ng Dios mula at sa pamamagitan ng mga Hentil; sa kanilang mga hari at reina, sila'y lalapit sa Panginoon at sila'y magiging pagpapala sa atin). ***17 Kahalili ng tanso ay magdadala ako ng ginto,*** (Kung nawalan ka ng tanso ibabalik ng Panginoon sa iyo at pupunan ito ng ginto. Oo, ibabalik ng Panginoon sa atin ng

ginto bilang pagsunod natin at yumaon at mag-evangelio). ***at kahalili ng bakal ay magdadala ako ng pilak,*** (Oo ang Panginoon sa halip ng bakal na nawala sa atin o kinuha mula sa atin ibabalik Niya sa atin ng pilak), ***at kahalili ng kahoy ay tanso, at kahalili ng mga bato ay bakal. Akin namang gagawin na iyong mga pinuno ang kapayapaan, at ang iyong mga maniningil ay katuwiran.*** (Pupunan ng Panginoon sa atin ang lahat ng mga nawala. Sa halip na kahoy tatanggapin natin ang bakal. Tayo ay manalangin: Oo *Panginoon punan mo sa amin, sa halip ng pighati at paghihirap Panginoon palitan mo ng mabubuting bagay at panatilhin mo para sa amin gayundin ng paggantimpala sa amin ng walang hanggang buhay. Oo Panginoon para sa lahat ng mga manggagawa at sa mga kapatid na patuloy na naglingkod sa iyo at tinutulan ni Satanas at ng mga mula sa sinagoga ni Satanas, at ginawa ang inyong mga gawa at nagtiyaga sa kanila, at hindi itinatwa ang inyong pangalan, Panginoon gantimpalaan sila sa pangalan ni Jesus, Amen.)* ***"Akin namang gagawin na iyong mga pinuno ang kapayapaan, at ang iyong mga maniningil ay katuwiran."*** (Ang ibig sabihin Niya dito, na ang ating mga manggagawa na nagsagawa at nagpatupad ng disiplina ay makikita bilang mga tagapaglikha ng kapayapaan at mabubuting tao, at tatanggapin ng mga taong sumasalungat sa kanila). ***18 Karahasan ay hindi na maririnig sa iyong lupain, ni ang kawasakan o kagibaan sa loob ng iyong mga hangganan; kundi tatawagin mo ang iyong mga kuta ng Kaligtasan, at ang iyong mga pintuang-bayan na Kapurihan.*** (Ang Panginoon pagkatapos nating magtiis hindi Niya hahayaan ang karahasan, kawasakan at kagibaan na mangyari sa ating kalagitnaan, bagkus ang kaligtasan at kapurihan at kagalakan ay sa ating kalagitnaan). ***19 Ang araw ay hindi na magiging iyong liwanag sa araw; o ang buwan man ay magbibigay sa iyo ng liwanag: kundi ang Panginoon ay magiging sa iyo ay walang hanggang liwanag, at ang iyong Dios ay iyong kaluwalhatian.*** (Bilang pagsunod natin sa Panginoon at patuloy na gawin ang Kanyang gawain, hindi na tayo aasa sa likas na yaman para matustusan ang ating pangangailangan, ang araw at buwan para sa liwanag, lahat ay patuloy na nandoon, ngunit ang Panginoon mismo ang magbibigay at susuporta sa atin). ***20 Ang iyong araw ay hindi na lulubog, o ang iyo mang buwan ay lulubog; sapagka't ang Panginoon ay magiging iyong walang hanggang liwanag, at ang mga kaarawan ng iyong pagtangis ay matatapos.*** (Ang likas na mapagkukunan ay patuloy na makikita sa ating buhay at ang dahilan sa likod nito ay ang Panginoon Mismo ang patuloy na nagbibigay sa atin ng lahat ng yamang ito, ang liwanag, ang araw, ang buwan, ang ginto, ang pilak, ang kahoy, ang bakal, ang Kanyang lingap, ang Kanyang biyaya, ang Kanyang awa at ang Kanyang presensya sa ating buhay ay naroroon at hindi na tayo magdadalamhati). ***21 Ang iyong bayan naman ay magiging matuwid na lahat; sila'y mangagmamana ng lupain magpakailan man, ang sanga ng aking pananim, ang gawa ng aking mga kamay, upang ako'y luwalhatiin.*** (Luwalhatiin din ng Diyos ang Kanyang simbahan at ang Kanyang bayan na nalulugod sa Kanya na maglingkod sa Kanya nang may matatag na paninindigan. Papayagan Niya tayong magmana ng lupain at pagpalain at patatagin tayo at bibigyan tayo ng mga mapagkukunan upang magpatuloy at mapanatili sa lugar na Kanyang kinatatagpuan, at tayo ay mananaig laban sa lahat ng pag-uusig. Ang Panginoon habang pinauunlad Niya tayo at pinangangalagaan, ang Kanyang pangalan ay luwalhatiin. Ang mga pagpapala at kasaganaan at pagpaparami na ipagkakaloob Niya sa atin sa Kanyang perpektong panahon ay magbibigay sa Kanya ng kaluwalhatian at karangalan at papuri. Tayo ay pagpapalain at dadami at magkakaroon ng lakas ng Panginoon na magpatuloy at maglingkod sa Kanya), ***22 Ang munti ay magiging isang libo, at ang maliit ay magiging matibay na bansa: akong Panginoon, ay papapangyarihin kong madali sa kapanahunan." (Isaias 60:14-22 KJV)*** Habang sinusunod natin Siya, kung gayon gagawin Niya ito sa Kanyang sakdal na pagsasapanahon.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ay magtiis ngayon sa paglilingkod sa Panginoon at sa paggawa ng Kanyang kalooban, sa hindi pakikipagkompromiso at sa hindi pagsuko sa kasamaang ginagawa ng mga gumagawa ng masama. May mga bukas na pinto sa ating hinaharap na walang sinuman ang maaaring magsara hangga't handa tayong maglingkod sa Panginoon. Tulad ng pagbubukas ng Diyos kay Pablo at sa simbahan ng Filadelfia ng mga bukas na pintuan, ginagawa rin Niya ito sa atin ngayon. Mayroong malaking gantimpala sa atin sa hinaharap mula sa Panginoon, na nakakatiyak na mga pangako na aalalay sa atin upang patuloy sa daan na itinalaga ng Dios para sa atin upang magpatuloy. Masdan natin ang dakila at epektibong pintuan at ang pintuan ng pagsasalita na bubuksan Niya sa atin habang tayo ay nananalangin sa Kanya, at patuloy nating gawin ito upang paglingkuran ang Panginoon. Manalangin tayo, *'Narito ako Panginoon, patnubayan mo ako upang maabot ang mga taong handang tumanggap ng iyong biyaya at kaligtasan'.*

Ating ipangako ngayon ang ating sarili sa Panginoon, hilingin natin ang Banal na Espiritu upang puspusin tayong muli upang makatayo tayong matatag upang labanan ang kapangyarihan ng kadiliman at mag-evangelio at abutin ang bagong mga tao na tatanggapin si Cristo at palalayain mula sa kapangyarihan ng kadiliman, kasalanan at impiyerno at maliligtas sa pangalan ni Jesus.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong Salita na humikayat sa akin ng higit upang magpatuloy at maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ipangaral ang evangelio ni Jesus.*

*Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa bukas na pintuan na iyong binuksan sa amin upang ipangaral ang iyong Salita at upang ipahayag ang iyong katuruan at ang hiwaga ni Cristo. Panginoon salamat para sa lahat ng katiyakang mga pangako sa amin bilang iyong simbahan at iyong mga lingkod na gagantimpalaan mo ang lahat ng aming mga pagsisikap at paglilingkod sa iyo. Salamat sa iyo na binigyang-daan mo kaming tumayo*

*nang matatag laban sa lahat ng gawain ni Satanas at yaon ay lulupigin mo ang kaaway sa harap namin at ibibigay mo sa amin ang tagumpay at bunga sa aming paglilingkod sa iyo.*

*Panginoon protektahan kami sa lahat ng gawa ng masama at tulungan kami na huwag magpaubaya sa pakikipagkompromiso at sa panggigipit ng kaaway. Panginoon dagdagan ang amin pananampalataya at pagtitiwala sa iyo. Panginoon ako'y nanalangin para sa pagpapanumbalik sa aming kalagitnaan, puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at pangunahan sa bagong mga lugar na inihanda mo para sa amin at ang mga kaluluwa na handang tanggapin ang iyong Salita at ang Evangelio ni Jesus.*

*Panginoon manguna ka sa amin at akayin mo kami sa tamang direksyon patungo sa mga kaluluwang inihanda mo para sa amin. Panginoon magsalita ka sa amin, kami ay nakikinig, ________________. Hayaang ang Diyos ay magsalita sa inyo, ___________________.*

*Panginoon manguna ka sa amin at wasakin ang mga pagkaalipin at gumawa ng mga himala at pagpapagaling at palayain ang mga tao mula sa pagkaalipin at iligtas sila mula sa kapangyarihan ni Satanas, at magtanim ng mga bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon patuloy na bigyan kami ng lakas ng loob upang ipangaral ang iyong Salita, upang paalisin ang mga demonyo, upang pagalingin ang mga may sakit at upang maabot ang mga bagong lugar sa pamamagitan ng iyong Salita. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa lahat ng kapamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 63. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng Filadelpia Yugto 2. Pahayag 3:8-9. 2 Corinto 2:12. Mga Gawa 16:6-12. Colosas 4:2-3. Zacarias 4:6. Isaias 49:22-23. Genesis 3:14. Isaias 60:14-22.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com